UNITE

# 2 Cronica 7:14

## WARM-UP

- Ano ang isang bagay na pag-aari mo noong bata ka na labis mong pinahalagahan? Paano mo ito iningatan?
- Sino ang itinuturing mo na matapat? Ikuwento kung ano ang ginawa niya na nagpakita nito.
- Ano ang isang pangako na nahirapan kang tuparin? Ano ang nangyari?

## WORD

13 *"Halimbawang hindi ko paulanin, o kaya nama'y magpadala ako ng mga balang sa lupa na kakain ng mga tanim, o magpadala ako ng salot sa aking mga mamamayan;*
14 *at kung ang mga mamamayan ko na aking tinawag ay magpakumbaba, manalangin, dumulog sa akin, at tumalikod sa ginagawa nilang kasamaan, diringgin ko sila mula sa langit at patatawarin ang kanilang kasalanan, at pagpapalain ko ulit ang kanilang lupain."* **2 CRONICA 7:13,14**

(Basahin din ang **2 CRONICA 7:11–16**.)

Sinabi ng Diyos ang mga salitang ito kay Haring Solomon matapos ang pagtatalaga ng templo ng Diyos sa Jerusalem. Itinatag ni Solomon ang templo upang magkaroon ang Diyos ng permanenteng lugar sa Jerusalem, gaya ng nais mangyari ng kanyang ama na si Haring David (2 Cronica 6:8,9). Noong itinatalaga ang templo, nanalangin si Solomon. Kinilala niya na ang Diyos ay laging matapat sa pagtupad ng Kanyang mga ipinangako at nagpapakita ng matatag na pagmamahal sa Kanyang mga mamamayan—sa mga taong namumuhay para sa Kanya nang buong puso. Tignan natin ang naging tugon ng Diyos sa panalangin ni Solomon at kung ano ang kahulugan nito para sa atin sa kasalukuyan.

## 1 Tinatawag ng Diyos ang Kanyang mga mamamayan upang mamuhay ayon sa Kanyang pamamaraan.

*". . . at kung ang mga mamamayan ko na aking tinawag . . ."*
**2 CRONICA 7:14**

Ang mga Israelita ang mamamayang pinili ng Diyos. Sa buong kasaysayan, makikita na ginabayan, pinangalagaan, at tinustusan ng Diyos ang kanilang mga pangangailangan. Pinili sila ng Diyos hindi dahil sa anumang nagawa nila o kaya ay sa kanilang yaman. Sinimulan Niya ang pagkakaroon ng ugnayan sa mga Israelita dahil Siya ay mapagmahal at matapat. Itinatag ng mga Israelita ang templo upang mapanatili ang ugnayan nila sa Kanya at mamuhay ayon sa Kanyang katuwiran bilang Kanyang mga mamamayan. Ano ang ibig sabihin para sa atin sa kasulukuyang panahon ng pamumuhay ayon sa Kanyang katuwiran?

## 2 Itinakda ng Diyos ang mga kondisyon kung paano makakabalik ang Kanyang mga mamamayan sa Kanya.

*". . . at kung ang mga mamamayan ko na aking tinawag ay magpakumbaba, manalangin, dumulog sa akin, at tumalikod sa ginagawa nilang kasamaan . . . "* **2 CRONICA 7:14**

Kinilala ni Solomon ang limitasyon ng mga Israelita. Alam niya na hindi nila mapapantayan ang katapatan ng Diyos. Ito ang dahilan kung bakit sa kanyang panalangin, napakadetalyado ng paghiling niya na ipakita ng Diyos ang Kanyang awa at kapatawaran sa kanila (2 Cronica 6:22–42). Bilang tugon, sinabi ng Diyos na kung may dumating na kaguluhan sa kanilang bayan, maaari silang lumapit sa Kanya nang may pagpapakumbaba, manalangin at dumulog sa Kanya, at tumalikod sa ginagawa nilang kasamaan, at diringgin Niya ang kanilang panalangin. Dahil sa matatag ang pag-ibig ng Diyos, lagi Niyang tinatawag ang Kanyang mga mamamayan na lumapit sa Kanya at magpatuloy sa pakikipag-ugnayan sa Kanya. Ayon sa Joel 2:13, bakit tayo dapat magbalik-loob sa Diyos?

## 3 Ipinapakita ng Diyos ang Kanyang katapatan sa Kanyang mga mamamayan.

*". . . at kung ang mga mamamayan ko na aking tinawag ay magpakumbaba, manalangin, dumulog sa akin, at tumalikod sa ginagawa nilang kasamaan, diringgin ko sila mula sa langit at patatawarin ang kanilang kasalanan, at pagpapalain ko ulit ang kanilang lupain."* **2 CRONICA 7:14**

Sa kabila ng hindi pagiging matapat ng mga Israelita, tiniyak ng Diyos kay Solomon na Siya ay matapat at mananatiling tapat sa pagtupad ng kanilang kasunduan—sa ipinangako Niya—sa Kanyang mga mamamayan. Tulad nito, sa pamamagitan ni Jesu-Cristo, tinitiyak ng Diyos sa Kanyang mga mamamayan na Siya ay nananatiling tapat hanggang sa kasalukuyan. Sa pamamagitan ni Jesus, tayo na hindi bahagi ng orihinal na mga mamamayan ng Diyos ay maaari na ngayong magkaroon ng ugnayan sa Kanya. Ipinangako ng Diyos na habang patuloy tayong nananalangin nang may pagpapakumbaba sa pangalan ni Jesus, ipapakita Niya ang Kanyang katapatan. Diringgin Niya ang ating panalangin, patatawarin ang ating kasalanan, at pagpapalain ang ating lupain. Sa anong paraan mo kailangang makita ang katapatan ng Diyos sa iyong buhay? Ano sa palagay mo ang ipinapagawa Niya sa iyo?

## APPLICATION

- Tinatawag ng Diyos ang mga tao upang magkaroon ng ugnayan sa Kanya. Tinanggap mo na ba ang imbitasyong ito? Manalangin kasama ang isang tao na makakatulong sa iyo na mamuhay kasama ng Diyos simula ngayon.
- May mga bagay ba sa buhay mo na kailangan mong talikuran upang magawa mong magbalik-loob sa Diyos? Ano ang balak mong gawin tungkol dito? Kausapin ang isang taong pinagkakatiwalaan mo tungkol dito at hingin sa Diyos ang kakayahan na mamuhay sa katuwiran.
- Sino ang maaari mong bigyan ng lakas ng loob at paalalahanan tungkol sa katapatan ng Diyos? Maglaan ng oras upang tawagan at ipanalangin sila ngayong linggo.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa paggawa ng paraan upang ikaw ay magkaroon ng ugnayan sa Kanya. Hingin sa Kanya ang kakayahan upang lagi kang tumugon nang may pagpapakumbaba.
- Ipanalangin na bigyan ka ng Diyos ng kagustuhan na mamuhay ayon sa Kanyang pamamaraan. Hingin sa Kanya na ipakita sa iyo ang mga bahagi ng buhay mo na nangangailangan ng Kanyang katuwiran.
- Ipanalangin ang iyong mga kaibigan at kapamilya na hindi pa namumuhay ayon sa kagustuhan ng Diyos. Hingin sa Kanya na bigyan ka ng mga pagkakataon na matulungan sila ngayong linggo.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2020 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph